# Musikong Bumbong

===================================================================

**BUOD**

Hilig na hilig umawit ng paslit na kawayang si Lawiswis. Lagi't lagi'y maririnig sa buong kakahuyan ang nakabibighani't nakaaantig niyang himig. Gayunman, para sa ibang kawayan, ang kanilang silbi ay nasusukat lang sa lakas at tikas ng kanilang katawan. Ang kailangan ng mga tao'y matitibay na kawayan para sa pagtatayo ng bahay, paggawa ng mga kasangkapan, o paglikha ng mga armas. Hindi nila kailangan ng kawayan na puro pagkanta lang ang alam.

Nang sumiklab ang kaguluhan sa Maynila at nag-alsa ang taumbayan laban sa mga Kastila, patutunayan ni Lawiswis na mali ang paniniwala ng mga kapwa niya kawayan. Kaparis ng mga kawayang armas tulad ng sibat at kalasag, may silbi rin ang isang tulad niyang mang-aawit sa gitna ng himagsikan.

Ang *Musikong Bumbong* ay isang kathang historikal tungkol sa dakilang ambag ng bandang rebolusyonaryo at ng kanilang mga kawayang instrumento sa kasaysayan ng ating bansa.

===================================================================

# MUSIKONG BUMBONG

Tuwing umaga, lagi na'y nagigising ang buong kakahuyan sa sagitsit ng isang pambihirang himig. Hindi iyon tiririt ng pipit, sitsit ng kuliglig, o tilaok ng matandang tandang sa may bubong na pawid. Awit iyong nagmumula sa isang buhòng kawayan. Galing iyon kay Lawiswis, ang munting kawayang mang-aawit.

Libangan lagi ni Lawiswis ang pakinggan ang lahat ng tunog sa kakahuyan—ang bawat huni, sipol, lagaslas, pagaspas, lagitik, at tikatik sa kaniyang paligid. Mula doon ay kakatha siya ng kaniyang sariling awit.

Tulad ng gagambang nambibitag ng kulisap, huhulihin ni Lawiswis ang bundat na hangin. Huhulmahin niya iyon hanggang sa maging hilera ng mumunting nota, pagugulungin sa mga kuwerdas ng kaniyang tangkay, patatalbugin sa kaniyang bibig, hanggang sa sumambulat ang isang nakabibighaning awit. Napapapikit ang mga paruparo't tipaklong sa rikit ng kaniyang tinig. Pati mga puno ay napapasabay sa kumpas at imbay ng nagtitinikling niyang awit. Dama nila ang bawat pitlag, ang bawat pintig. Buong maghapon ay hindi sila nagsasawang pakinggan ang kaniyang mga kundiman at dalit. Masinsin iyong ikinakalat ng hangin sa mga ilog at batis, sa mga lambak at dalisdis. Hanggang sa gabi ay idinuduyan sila sa panaginip ng malalambing na oyayi ni Lawiswis.

Gayunman, hindi lahat ay nasisiyahan sa pag-awit ng paslit na kawayan.

"Wala nang ibang ginawa kundi mag-ingay," pagsusungit ng kawayang kiling. "Istorbo lagi sa pagtulog, parati na lang nanggigising!"

"Ang dapat mong atupagin Lawiswis ay kung paano ka lalakas at titikas tulad namin!" pagyayabang naman ng kawayang botong na kay kisig ng pangangatawan.

“Tama, tularan mo kami!” segunda ng kawayang bolo habang pinauumbok ang mga masel sa kaniyang kalamnan. “Walang anumang unos ang makatitibag sa amin, kahit pa buhawi ay hindi kami kayang patumbahin!”

“Alam mo, Lawiswis,” sabat naman ng kawayang bayugin, “ang kailangan ng mga tao ay matitibay na kawayan para sa pagtatayo ng bahay, paggawa ng mga kasangkapan, o paglikha ng mga armas. Hindi nila kailangan ng bubot at lalambot-lambot na buhò na puro pagkanta lang ang alam.”

Bahagyang nasaktan si Lawiswis sa narinig. Isang malungkot na himig ang kumawala sa kaniyang bibig. Wala nga ba talagang silbi sa sinuman ang mga likha niyang awit?

“Huwag mo silang pakinggan, Lawisiws,” alo sa kaniya ni Bukawe, ang pinakamatandang kawayan sa kakahuyan. “Bawat isa ay may natatanging kakayahan, bawat isa ay may silbi sa kani-kaniyang paraan. Mahalaga sa amin ang bawat mong awit—nakapapalis iyon ng bagot, nakatutunaw ng lungkot. Marami kaming sa iyo’y humahanga’t nalulugod! Namumukod ang talento mo, Lawiswis. Dapat mo iyang ikarangal at ipagmalaki,” paghihimok sa kaniya ni Bukawe.

Nabuhayan ng loob si Lawiswis. Nagpatuloy siya sa pag-awit. Samantala, inirapan at singhalan lamang siya ng mga kawayang bolo, botong, kiling, at bayugin. Inubos nila ang kanilang maghapon sa pagbubuhat ng mabibigat na bato, sa pakikipagbuno sa hangin at insekto. Para sa kanila, ang silbi ng kawayan ay masusukat lang sa tibay ng kanilang gulugod at ubod.

ISANG ARAW, nabigla ang buong kakahuyan sa balita ng isang maya. May nagaganap daw na kaguluhan sa karatig-bayan. Tatlong paring martir ang dinakip ng mga Kastila at ginarote sa Bagumbayan. Marami ang nagluksa at nagalit sa pait ng kanilang sinapit. Isang malawakang pag-aalsa ang binabalak ng taumbayan laban sa mga banyaga.

Biglang-bigla, nabulabog ang lahat sa isang malakas na kalabog. Nagitla sila.  Angil ba iyon ng baril? Dagundong ba ng kanyon? Nag-umpisa na bang mag-aklas ang karatig-nayon? Maya-maya pa, nakarinig sila ng mga yabag. Palakas nang palakas ang mabibigat na yabag. Sa di kalayuan ay may natanaw sila—isang lalaking nag-iikot, naglilibot sa kakahuyan. May hawak itong isang napakahabang itak.

“Humanda kayo,” bulong ni Bukawe. “Nand’yan na ang Manggagapas!”

Napangiti ang lalaki nang makita ang mabubulas na kumpol ng mga kawayan. Isa-isa niya itong sinipat at siniyasat, marahang hinaplos-haplos na tila ba nagingilatis ng gulay sa pamilihan. Maya-maya pa, iwinasiwas ng lalaki ang hawak niyang itak at saka buong lakas na pinagtatagpas ang mga napili niyang kawayan. “Mainam,” sabi niya, “napakaiinam.” Halos mabingi ang buong kakahuyan sa ingay ng salit-salit na pagtagpas. Kasama si Lawiswis at ang mga kawayang bolo, botong, kiling, at bayugin sa mga nagapas.

“Mag-iingat kayo,” pamamaalam sa kanila ng matandang Bukawe, “kasinahan nawa kayo sa inyong paglalakbay, sa inyong bagong buhay!”

PINASAN NG LALAKI at ng kaniyang mga kaibigan ang bunton ng mga kawayan. Dinala nila iyon sa kanilang tahanan sa Sitio Tonsuya sa Malabon. “Saktong-sakto ang mga napili ninyo, Ka Felix,” sabi ng kaniyang kasamahan. “Siguradong mabibigla ang mga prayle at guwardiya sibil kapag nayari na natin ang mga ito.”

Noong gabing iyon, sa tanglaw ng pinilakang buwan ay nag-usap-usap ang mga kawayan na nangatipon sa may bakuran.

“Ano kaya ang gagawin sa atin na ikabibigla raw ng mga prayle at guwardiya sibil?” tanong ng kawayang kiling.

“Ano pa, e di armas-pandigma!” sagot naman ng kawayang botong. “Eto na ang itinakdang araw para sa mahabang panahon nating pag-eensayo, ang maging kasangkapan sa pakikipaglaban ng buong sitio!”

“Ang gusto ko’y maging matulis na sibat!” sabi ng kawayang bolo.

“Ang gusto ko’y maging isang kalasag!” sabi naman ng kawayang bayugin.

“Tirador man o pana ang aking kahantungan, handa na akong lumaban,” sabi ng kawayang kiling.

“Sa tibay ng aking kalamnan, patataubin ko ang mga dayuhan. Handa na akong maging pampasabog na kanyon!” sabi naman ng kawayang botong.

Samantala, tahimik lang sa isang sulok si Lawiswis. May tinik na kumukudlit sa kaniyang dibdib. Wala siyang alam sa pakikipagdigma. Wala siyang alam sa pagsiil at pagtudla. Ang kaya niya lang gawin ay ang kumatha ng mga awit at korido. Pero ano ang maiaambag nito sa pag-aaklas ng buong sitio? Noong gabing iyon, isang masalimuot na awit na lipos ng bagabag at hapis ang pinakawalan ni Lawiswis.

KINABUKASAN, dinala ni Ka Felix ang bunton ng mga kawayan sa may tabing-dagat. Ilang araw silang ibinabad sa tubig-alat. “Para mas tumibay at hindi madaling bukbukin,” paliwanag ni Ka Felix sa mga kasama.

Pagkaraan, inumpisahan na ang pag-uukit sa mga kawayan. Inilabas ng buong grupo ang kanilang mga lagari, katam, pait, at martilyo. Naligid ang buong paligid ng malulutong na ugong ng niyayaring bumbong. Putol dito, pukpok doon. Hiwa rito, ukit doon. Hugis dito, kinis doon. Hindi napigilang mapahiyaw ng mga kawayan habang unti-unti silang nagkakahubog. Naghulaan sila. Sino kaya ang magiging sibat at kalasag, ang magiging pana at tirador, ang magiging

pampasabog na kanyon? Samantala, napapikit na lamang si Lawiswis habang siya'y kinikinis at marahang nagkakahugis.

Maya-maya pa, nagising si Lawiswis sa sigaw ng kawayang botong. "Hindi maaari! Binabangungot ba ako? Anong klaseng armas 'to?" sunod-sunod niyang hiyaw habang pinagmamasdan ang kaniyang katawan. Tinapalan siya ng balat ng kambing, tinalian ng lubid sa gilid, at saka hinubog bilang isang malaking tambol.

"Kay gandang *bombo*!" narinig niyang papuri ng isang binatilyo.

Nilibot ng tingin ni Lawiswis ang mga kapwa-kawayan. Nabigla siya sa kaniyang nakita. Naging *kahista* ang kawayang kiling. Naging *bumbong trompas* ang kawayang bayugin. Naging *bumbong bajo* ang kawayang bolo. Ang iba nama'y naging *bamban*, *kalatok*, at *pito*. Nang pagmasdan ni Lawiswis ang kaniyang sarili, isa na siyang *buho* na kawangis ng trombono!

"Mga kaibigan, sa wakas ay handa na ang ating mga instrumento!" pahayag ni Ka Felix sa mga kasama. "Mula ngayon, tatawagin natin ang ating banda na Musikong Bumbong ng Malabon!"

Hindi pa rin makapaniwala si Lawiswis. Isa palang maestro ng musiko si Ka Felix. Sa paputol-putol na kuwentuhan, nalaman niyang mga likas na mang-aawit pala ang bawat miyembro ng banda. Katunayan, may natatangi silang talento sa pagtugtog gamit ang kanilang bibig. Nakabubuo sila ng awit sa pamamagitan ng salit-salit na paswit-sitsit, higing-palatak, tili-alulong. Tinawag na *Banda de Boca* ang kanilang grupo noon. Sa pamamagitan ng kanilang tinig, kaya nilang gayahin ang tunog ng trumpeta, klarinete, at trombono. Ngunit ngayon ay maaari na silang tumugtog gamit ang sarili nila mismong instrumento. Salamat sa mga nakabibilib na imbensyon ni Ka Felix! Noon din ay isa-isang sinalat-salat, hinipan-hipan, tinambol-tambol ng mga miyembro ang mga bagong yaring bumbong.

Sa unang pagtugtog ng Musikong Bumbong ay hindi mapigilang mapangiwi ni Ka Felix. Parang ngikngik ng kinakatay na biik ang tunog na lumalabas sa bajo at trompas. Parang unga naman ng paos ng kalabaw ang hiyaw ng pito at bamban. Naliligaw rin sa ritmo ang kahista, kalatok, at bombo. Tanging ang buhong si Lawiswis lang ang nakaaawit nang brilyo at nasa tono.

Litong-lito ang mga dating kawayang bolo, botong, kiling, at bayugin. Hindi nila masundan ang mga tugtugin at awitin. Hindi nila malaman ang kanilang gagawin. Hindi rin naman ito ang pinangarap nilang maging. "Pero nandito na tayo," buntong-hininga ng trompas, "ano pa bang magagawa natin kundi tanggapin ang naging kapalaran natin?"

Agad naman silang tinulungan ni Lawiswis. "Kayang-kaya niyo 'yan, gayahin ninyo ako," sabi niya. Tulad ng dati, mabilis na hinablot ni Lawiswis ang patawing-tawing na hangin. Pinagulong niya iyon sa kaniyang kalamnan, pinatalbog sa kaniyang bibig, hanggang sa sumambulat ang isang napakarikit na awit.

Naninibago man sa umpisa, sa ulit-ulit na pag-eensayo ay napalapit at napaibig din ang mga instrumentong bumbong sa maringal na sining ng pagtugtog. Unti-unti'y nasusundan na ng bajo at trompas ang mga nakaguhit sa eskala. Natutuhan na rin ng pito at bamban na sumabay sa sayaw ng umiigpaw-igpaw na mga nota. Nakasasabay na rin sa kumpas-pitlag ng kanta ang kalatok, bombo, at kahista.

Hindi nagtagal, nagtanghal na rin sa madla ang Musikong Bumbong ng Malabon. Nagkatotoo ang sinabi ng kasamahan ni Ka Felix. Hindi lang ang taumbayan ang nabigla at humanga sa husay nilang tumugtog, kundi maging ang mga prayle at guwardiya sibil! Dumagundong ang palakpakan at papuri sa bawat sulok ng kalsada. "Aba'y mas mahusay pa sa banda ng mga banyaga!" hiyaw ng matandang santero sa gilid ng simbahan.

Naging tampok ang musiko sa samot-saring pagtitipon at pista. Kaliwa't kanan ang nag-imbita sa kanila sa mga kasal, binyag, at kaarawan. Abot hanggang *bokilya* ang ngiti ni Lawiswis. Sa wakas ay natupad na ang pangarap niyang maging isang sikat na mang-aawit! Sa labis na tuwa ay nagpakawala si Lawiswis ng isang matinis at pagkatamis-tamis na himig.

Gayunman, may napansin ang mga kapwa niya instrumentong bumbong. Nitong mga nakaraang araw ay parang sunod-sunod ang nag-iimbita sa kanila. Ni wala silang pahinga. Halos araw-araw ay may idinaraos na salusalo sa kung saan-saang tahanan sa bayan. Parang pare-parehong mukha lang din naman ang nakikita nila. Ang higit na nakapagtataka, sa tuwing dumaraan ang mga nag-iikot na guwardiya sibil ay tila lalo pang pinalalakas at pinaiigting ng banda ang kanilang pagtugtog. Malugod na yumuyukod ang buong musiko at saka matipid na ngingiti. Gayundin ang gagawin ng mga nagkakasiyahang panauhin. Waring may ikinukubling lihim ang bawat nilang awitin.

ISANG ARAW, habang tumutugtog ang banda sa bahay ng isang kilalang doktor sa bayan, saglit na nagpaalam ang isang musiko upang magtungo sa palikuran. Inilapag niya sa isang tabi si Lawiswis. Tahimik siyang nagmasid-masid sa paligid. Maya-maya pa, natigilan si Lawiswis. May narinig siyang mahihinang bulong. Sa gitna ng ingay ng banda at ng halakhakan ng mga panauhin, dinig na dinig niya ang mahihinang bulong. Hindi iyon nakapuslit sa napakatalas niyang pandinig. Inalam ni Lawiswis kung saan nagmumula ang tunog. Nagpagulong-gulong siya sa sahig hanggang sa makarating sa isang makipot na hagdan sa likod ng sawaling dingding. Sumilip siya sa hagdan pababa sa napakadilim na silong.

Kung gaano kaliwanag at kaingay sa sala ng kubo, gayundin naman kapusikit at katahimik sa silong nito. Sa malamlam na liwanag ng gasera ay naaninaw ni Lawiswis ang isang pangkat ng

kalalakihan na tahimik na nagpupulong. May pulang bandana sa kanilang leeg. Sa gitna nila'y nakaladlad ang isang pulang bandilang may nakasulat na tatlong K.

"Anong gagawin natin?" paanas na sabi ng isang lalaki. "Mainit tayo ngayon sa mga Kastila. Mahigpit nang ipinagbabawal ang pagdadala ng anumang patalim o armas sa bawat sulok ng bayan. Paano natin gagawin ang pinaplanong pag-aalsa?"

Noon lang napagtagni-tagni ni Lawiswis ang mga pangyayari. Kaya pala napapadalas ang dinadaluhan nilang pagtitipon. Bahagi pala ng Katipunan ang Musikong Bumbong! Kinasangkapan sila ng grupo para walang sinuman ang makahalata sa mga lihim na pagpupulong. Nilulunod nila sa masisiglang awitin ang buong bahay upang hindi paghinalaan ng mga prayle at guwardiya sibil.

"Nalalapit na ang pista ni San Bartolome. Ano kaya kung hingin natin ang tulong ng musiko para maipuslit ang mga punyal at bolo?" suhestyon ng isang lalaki.

"Pero paano?" tanong ng kanilang pinuno. "Tiyak na kamatayan ang naghihintay kapag nahuli tayo."

Hindi man ganap na magagap ni Lawiswis ang pinaplano ng mga Katipunero, batid niyang kailangan nila ng tulong. Noon din ay nagpagulong-gulong siya sa hagdan hanggang sa lumagapak sa paanan ng nagulantang na kalalakihan.

"Aray ko po!" hiyaw niyang namimilipit sa sakit ngunit nakakaakit pa rin ang tinig.

Napatingin ang lahat sa sa buhong si Lawiswis. Pinulot siya ng isang lalaki. "Mukhang alam ko na po kung paano, Supremo," nangingiting sabi nito.

PAGSAPIT NG LINGGO, nabihisan ang buong bayan ng makukulay na palamuti at banderitas. Nangagtipon ang taumbayan sa kalsada ng Tonsuya. Nagsabog sila ng mga bulaklak habang

ipinaparada ang karosa ni San Bartolome, ang kanilang mahal na patron na may hawak na bolo. Hindi magkandamayaw sa paghiyaw ang buong sitio. Lahat sila'y napapasayaw sa saliw ng tugtugin ng Musikong Bumbong. Umilanglang sa buong Malabon ang masigabong simponiya ng mga higing nila't sipol, ugong at dagundong.

Sa kabilang banda, sa gitna ng kasiyahan ay lihim na nagtitinginan ang mga miyembro ng banda. Matalim ang titig sa kanila ng mga nagmamatyag na guwardiya sibil. Sumasabay sa indayog ng tugtog ang kabog sa kanilang dibdib. Maging ang mga instrumentong bumbong ay bahagyang nanginginig dahil sa nagbabantang panganib. Ngunit kailangan nilang tatagan ang kanilang loob. Maraming buhay ang nakasalalay sa kanilang himig at tugtog.

Pagkaraan ng pagtatanghal ay saka lang nakahinga nang maluwag ang Musikong Bumbong. Ligtas silang nakatawid sa dulo ng sitio. Sa wakas, nagtagumpay ang kanilang plano! Naitakas nila ang mga armas sa paningin ng mga guwardiya sibil!

Noon din ay isa-isang binuksan ng buong musiko ang kanilang mga instrumento. Mula doon ay inilabas nila ang mga nakatagong punyal, patalim, at bolo. Agad naman iyong isinukbit ng mga Katipunero at saka nagsimulang magmartsa sa pangunguna ng kanilang Supremo. Pupunta sila sa Pugad Lawin. Doon nila gagawin ang 'Unang Sigaw' ng pag-aalsa laban sa mga Kastila.

Samantala, parang ibig maluha sa tuwa ng mga instrumentong bumbong. Hindi man sila naging sibat o kalasag o pampasabog na kanyon, mayroon pa rin silang naitulong sa paghihimagsik ng kanilang nayon. Biglang naalala ni Lawiswis ang payo sa kaniya noon ng matandang kawayang si Bukawe. *Bawat isa ay may natatanging kakayahan, bawat isa ay may silbi sa kani-kaniyang paraan.* Kailanman ay hindi niya ikahihiya na siya'y isang mang-aawit na kawayan. Habambuhay niyang ipagmamalaki na siya'y naging bahagi ng banda ng himagsikan!

Habang nagmamartsa patungong Pugad Lawin ay masiglang umawit ang mga Katipunero sa saliw ng tugtugin ng Musikong Bumbong.

*Alerta, Katipunan!*

*Bathin ang kahirapan.*

*Pag-ibayuhin ang tapang kahit mamatay sa laban.*

*Layon natin ay itaguyod, baya'y tubusin at itampok.*

*Hayo na't tayo'y makipaghamok.*

*Abanseng katakot-takot!*

\- WAKAS -

*Iniaalay ang kuwentong ito kay Ingkong Felix Ramos, ang siyang nagtatag ng Musikong Bumbong ng Malabon noong 1896.*

**TALASALITAAN**

**Alerta, Katipunan –** isa sa mga awiting madalas tugtugin ng unang henerasyon ng Musikong Bumbong.

**Bamban –** isang kawayang trumpeta.

**Bokilya –** bahagi ng instrumentong pangmusika na ginagamitan ng bibig.

**Bombo –** isang uri ng *bass drum* na malaki't malapad. Gawa sa balat ng kambing ang balot nito.

**Buho –** isang kawayang trombono.

**Bumbong Bajo –** nagsisilbing *bass* sa banda.

**Bumbong Trompas –** nagsisilbing *horn* sa banda.

**Kahista –** isang uri ng *snare drum*. Nababalutan din ito ng balat ng kambing ngunit mas maliit ito kaysa sa bombo.

**Kalatok –** isang uri ng maliit na *snare drum*.

**Pito –** isang uri ng plawtang kawayan na may anim na butas.